


10

# Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:**

**Uri ng *Gender*, *Sex*  
at *Gender Roles* sa Iba't Ibang  
Bahagi ng Daigdig**



**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Uri ng Gender, Sex at Gender Roles sa Iba't Ibang Bahagi ng Daigdig**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Einee B. Camota

Jherry L. Faustino

**Editor:** Leizl S. Cancino

Perpetua V. Barongan

**Tagasuri:** Gemma M. Erfelo

Editha T. Giron

**Tagaguhit:** Dennis A. Evangelista

**Tagalapat:** Lemuel Dino V. Visperas, Katherine Obrero Cordora

**Tagapamahala:** Tolentino G. Aquino

Arlene A. Niro

Gina A. Amoyen

Editha T. Giron

Raquel C. Cruzada

Alexis B. Pidlaon

Markconi F. Taroma

Cristina C. Aquino

Renato S. Santillan

Gina A. Amoyen

Venus Maria SM. Estonilo

Renata G. Rovillos

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

## **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:**

**Uri ng *Gender*, *Sex***

**at *Gender Roles* sa Iba't Ibang**

**Bahagi ng Daigdig**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Binabati kita at matagumpay mong nakamit ang mahahalagang kaalaman tungkol sa mga dahilan at epekto ng globalisasyon. Lalo mo ring nahinuha ang kalagayan ng mga manggagawa sa ating bansa at ang kanilang kinahaharap na suliranin at mga tugon sa isyu ng paggawa.

Ngayon matutunghayan mo sa unang bahagi ng Aralin I ang pagkakaiba ng kahulugan ng terminolohiyang kasarian (*gender*), seks (*sex*) at *gender roles*.

Ang *gender*, *sex* at *gender roles* ay mga terminolohiya na ginagamit natin sa ating pang-araw-araw na buhay, kaya marapat lamang na malaman natin ang kahulugan at pagkakaiba ng mga ito. Ang pag-intindi sa pagkakaiba-iba ng tatlong konsepto ay may implikasyon din kung paano natin tignan ang hindi pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki. Mahalagang malaman ang mga konseptong ito upang malaman ang mga papel na ginagampanan ng mga tao sa lipunan base sa papel na ito, binibigyan ito ng pagpapahalaga ayon sa kultura.

Ang Aralin I ng markahang ito ay nakatuon sa mga uri ng kasarian (*gender*) at seks (*sex*) at *gender roles* sa iba't-ibang bahagi ng daigdig. Ito ay nahahati sa mga sumusunod na paksa.

Paksa 1: Kahulugan at Katangian ng Kasarian (*gender*) at Seks (*sex*)

Paksa 2: Uri ng Kasarian (*gender*) at Sex (*sex*)

Paksa 3: *Gender Roles* sa Iba't-Ibang Bahagi ng Daigdig

### **Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**


Natatalakay ang uri ng kasarian (*gender*) at *sex* at *gender roles* sa iba't ibang bahagi ng daigdig. (MELC1)

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

1. Nabibigyang kahulugan ang terminolohiyang *gender* at *sex*
2. Naipapaliwanag ang uri ng *gender* at *sex*
3. Natatalakay ang mga gampanin ng kalalakihan at kababaihan sa lipunan at sa iba't ibang bahagi ng daigdig
4. Napapahalagahan ang gampanin ng bawat kasarian sa lipunang ginagalawan

*Handa ka na ba para sa panibagong kaalaman? Halina't sabay nating tuklasin ito!*







## Subukin

Bilang panimula, sagutan mo ang mga tanong sa ibaba upang masukat ang iyong kakayahan sa paksa.

### Gawain 1: Paunang Pagtataya



Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na katanungan at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ayon sa World Health Organization (WHO) (2014) ito ang tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.
  - a. Sex
  - b. Gender
  - c. Bi-sexual
  - d. Transgender
2. Bukod sa lalaki at babae, mayroon na rin ang mga tinatawag na LGBT. Ano ang ibig sabihin ng acronym na LGBT?
  - a. Lesbian, Gay, Bisexual, at Tomboy
  - b. Lesbian, Guy, Bisexual at Transgender
  - c. Lesbian, Gangster, Bakla, Tomboy, Queber, Intersex Plus
  - d. Lesbian, Gay, Bisexual at Transgender
3. Ito ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki ayon sa World Health Organization (2014).
  - a. Sex
  - b. Male
  - c. Gender
  - d. Female
4. Ito ang simbolo ng kasarian ng kababaihan.



5. Ang mga babae ay nagkakaroon ng buwanang regla samantalang ang mga lalaki ay hindi. Ito ay katangian ng \_\_\_\_\_.
  - a. Sex
  - b. Male
  - c. Gender
  - d. Female
6. May mga panahon na ang bansang Saudi Arabia ay hindi nagpapahintulot sa kababaihan na magmaneho ng sasakyan. Ito ay isang halimbawang katangian ng?
  - a. Sex
  - b. Male
  - c. Gender
  - d. Female

7. Alin ang simbolo na kumakatawan sa LGBT?

- a.  b.  c.  d. 





8. Ito ay tumutukoy sa masculinity at femininity ng isang indibiduwal.

- a. Sex c. Gender  
b. Male d. Female

9. Ang kulay pula sa watawat ng LGBT ay nangangahulugan ng \_\_\_\_\_.

- a. Buhay b. Pag-ibig c. Kalikasan d. Kapayapaan

10. Ito ang simbolo ng kasarian ng kalalakihan.

- a.  b.  c.  d. 

11-15 Ibigay ang kahulugan ng mga kulay sa watawat ng LGBT. Piliin ang tamang kasagutan sa loob ng kahon sa ibaba.

Red- \_\_\_\_\_

Orange- \_\_\_\_\_

Yellow- \_\_\_\_\_

Green- \_\_\_\_\_

Blue- \_\_\_\_\_

Love	Wisdom
Spirit and Gratitude	Vitality and Energy
Harmony and Artistry	Serenity and Nature
Healing and Friendship	Life and Sexuality

## Aralin

# 1

## Mga Uri ng Gender, Sex at Gender Roles sa Iba't Ibang Bahagi ng Daigdig

Sa nakaraang modyul napag-usapan at napag-aralan ang tungkol sa Globalisasyon at Migrasyon, mga gawaing kaakibat ng mga ito at kung paano lumaganap at nababago ang kaisipan at pag-uugali ng mga tao. Natitiyak kong sasang-ayon ka sa ideya na ang migrasyon ay may tuwirang ugnayan sa konsepto ng pagkatao ng isang babae o lalaki.

Mula sa araling ito ay tatahakin natin ang isang makulay na paksa. Ito ay ang patungkol sa *gender*, *sex* at *gender roles*. Narinig mo na ba ang mga terminolohiyang nabanggit? Iisa ba ang kahulugan ng mga nasabing terminolohiya? Alam mo ba kung saan at kailan dapat gamitin ang mga nabanggit na terminolohiya?

Sa iyong pagsilang ay mayroon ka nang pagkakakilanlang bayolohikal o pisikal. Ngunit may mga ibang tao na habang nagkakaisip at nagkakaedad ay nababago ang kanilang pananaw sa kung anong katangian ang taglay nila. Marahil ito ay epekto ng kapaligirang kanilang ginagalawan at madami pang rason. Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahang lalawak ang iyong kaalaman sa kung ano nga ba talaga ang *gender*, *sex* at *gender roles* o ang gampanin ng kalalakihan at kababaihan sa ating lipunan.



### **Balikan**

Pansinin mo ang iyong sarili. Ano ang kapansin-pansin sa pisikal mong anyo? Ano ang iyong kasarian (*gender*)? Ano ang iyong isinasagot kapag tinatanong ang iyong seks (*sex*)? May pagkakaiba ba ang *gender* sa *sex*? Natitiyak mo ba ang iyong mga sagot? Tutulungan kita sa pamamagitan ng inihanda kong maikling teksto. Handa ka na ba? Kung ganun ay simulan mo na ang iyong pagbabasa.

### **Konsepto ng Gender, Sex at Gender Roles**

Ang konsepto ng *gender* at *sex* ay magkaiba. Ayon sa World Health Organization (2014), ang *sex* ay tumutukoy sa bayolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki. Samantalang ang *gender* naman ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinatakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki. Ang *gender* ay hindi lamang nahahati sa dalawang kategorya ito ay mayroong iba't ibang uri.




## Katangian ng Sex

Ang *sex* ay ang bayolohikal, pisyolohiko at natural na katangian ng isang tao mula kapanganakan. Ito ay tumutukoy kung lalaki o babae ang isang tao. Ang taglay na mga katangian ng lalaki at babae ay makikita sa anumang lahi, kultura, lipunan at panahon. Ang mga ilang bayolohikal at pisikal na katangian ng lalaki at babae ay ang mga sumusunod:



- May *adams apple*
- May bayag/titi at *testicles*
- May *XY chromosomes*
- May *androgen* at *testosterone*



- May *developed breast*
- May puki at bahay bata
- May *xx chromosomes*
- May *estrogen* at *progesterone*

## Katangian ng Gender

Ang *gender* naman ay isang *social contract* at nakabatay sa mga salik panlipunan (*social factors*).

Kabilang sa mga salik na ito ay ang mga panlipunang gampanin at tungkulin, kapasidad, intelektual, emosyonal at panlipunang katangian at katayuan na nakaatas sa mga babae at lalaki at iba pang categoryang itinakda ng kultura at lipunan. Maaaring ikaw ay *feminine* o *masculine* depende sa tingin sayo ng lipunan.

Malaki ang epekto ng mga salik na ito sa katangian ng *gender* katulad ng mga sumusunod:

- Ito ay natutunan. Ang mga *gender roles* ay natutunan sa pamamagitan ng iba't-ibang *social institutions* kagaya ng pamilya, eskuelahan, *mass media*, relihiyon, estado, at lugar ng trabaho.
- Ito ay puedeng magbago sa pag-usad ng panahon.
- Ito ay iba-iba sa bawat kultura at lipunan.

May panahon na ang bansang Saudi Arabia lamang sa buong mundo ang hindi nagpapahintulot sa kababaihan na magmaneho ng sasakyan. Isa sa mga halimbawa nito ay ang pag-aresto at pagkulong sa isang Saudi Arabian women's rights activist na si Aziza Al Yousef.



Si Aziza Al Yousef ay nakulong matapos lumabas sa *Women Driving Ban* sa Saudi Arabia. Si Al Yousef ay kilalang tagapagtaguyod ng kampanya laban sa pagbabawal sa kababaihan na magmaneho ng sasakyan. Siya ay nakulong nang mahuling nagmamaneho kasama si Eman Al-Nafjan, sadya nilang ginawa ito. Silang dalawa ay magkapareho ang adbokasiya na alisin ang driving ban para sa kababaihan sa Saudi. Matapos nilang pumirma sa isang kasunduan na hindi na nila ulit ito gagawin, sila ay nakalabas ng kulungan.

*Sanggunian: <http://edition.cnn.com/2013/12/01/world/meast/saudi-arabia-female-drivers-detained/>*

Ngunit ayon sa New York Times noong 2018 ay nabigyang karapatan ang mga kababaihan na makapagmaneho. Makikita sa ibaba ang orihinal na artikulo tungkol dito.

Saudi Arabia Granted Women the Right to Drive.  
A Year on, It's Still Complicated.

**By Megan Specia**

June 24, 2019



*Saudi Arabia granted women the right to drive one year ago, a historic move that cracked open a window to new freedoms for women who have long lived under repressive laws. The measure was enacted by the country's de facto leader, Crown Prince Mohammed bin Salman, who also eased other restrictions on women, leading some to hail him as a feminist reformer.*

*But behind the celebrations lay larger issues. Despite renewed freedoms on the road, in the year since the ban was ended, Saudi women remain subject to strict guardianship laws that prohibit them from making many basic decisions without the permission of a male relative.*

*And some of the very activists who fought for their rights have been languishing behind bars. Here's what to know a year after the ban on female drivers was lifted.*


### **Tens of thousands of Saudi women are driving.**

Officials say they have issued tens of thousands of driver's licenses to Saudi women since last year. A few driving schools catering to women have popped up and dozens of women have shared celebratory photos with their licenses in hand.

Sanggunian: <https://www.nytimes.com/2019/06/24/world/middleeast/saudi-driving-ban-anniversary.html>

## **Mga Simbolo**

Sa panahon ng mga Griyego kilala ang kalalakihan sa larangan ng pakikipagdigma gamit ang kanilang espada at pana. Samantalang ang kababaihan ay sumisimbolo ng kagandahan at pagiging modelo ng kanilang makulay na kultura sa larangan ng pagpipinta. Ito ang naging basehan ng simbolo ng *gender* o kasarian. Ang pana ang naging batayan ng simbolo ng lalaki at ang imahen ng salamin ang naging simbolo ng babae. Samantalang ang pinaghalong simbolo ng lalaki at babae ang siyang kumakatawan sa *lesbian, gay, bisexual at transgender (LGBT)*.



Sa Pilipinas, isang mahaba at masalimuot ang kasaysayan ng *LGBT community*. Bago pa man dumating ang mga mananakop na Kastila sa bansa ay nakapaloob na sa ating kultura at tradisyon ang usaping pangkasarian. Isa sa mga halimbawa nito ay ang konsepto ng mga babaylan, kung saan kadalasan ang mga lalaking babaylan ay nagkukunyari at nag-aanyong mga babae upang kalugdan ng diyos.

Malinaw na ba sa iyo ang konsepto ng kasarian (*gender*) at seks (*sex*)? Magaling! Ngayon, pagtuonan mo ng pansin ang sumusunod na watawat ng LGBT at ang kahulugan nito.

## Kahulugan ng mga Kulay sa Watawat ng LGBT (Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender)

- Red – Life and Sexuality
- Orange – Healing and Friendship
- Yellow – Vitality and Energy
- Green – Serenity and Nature
- Blue – Harmony and Artistry
- Violet – Spirit and Gratitude



Sanggunian: <https://www.pinterest.ph/pin/431923420497219442/>

## Gender Roles

Ang gender role sa salitang tagalog ay tungkulin o gampanin base sa kasarian. Ito ay ang itinakdang pamantayan na basehan ng tungkulin o gampanin ng babae at lalaki batay sa tinatanggap ng lipunang ginagalawan. Ayon sa isang artikulo na mula sa Hesperian Health Guides ang *gender role* ng isang tao ay ang pagtatakda ng komunidad kung paano ang pagiging babae at lalaki. Umaasa ang komunidad sa bawat tao na mag-isip, makadama at kumilos sa takdang paraan, dahil lang sa sila'y babae o lalaki. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa na isinulat sa nasabing artikulo.

- Ang babae ang inaasahang maghanda ng pagkain, mag-ipon ng tubig at panggatong, at mag-alaga sa mga anak at kapartner.
- Madalas naman, lalaki ang inaasahang magtrabaho sa labas ng bahay para suportahan ang pamilya at mga magulang sa pagtanda, at magtanggol sa pamilya mula sa kapahamakan.

Sanggunian:

[https://fil.hesperian.org/hhg/Where\\_Women\\_Have\\_No\\_Doctor:Papel\\_batay\\_sa\\_kasarian\\_at\\_gender](https://fil.hesperian.org/hhg/Where_Women_Have_No_Doctor:Papel_batay_sa_kasarian_at_gender)

Kumusta ang iyong pagbabasa, nadagdagan ba ang mga kaalaman mo patungkol sa *gender at sex*? Kung gayon ay handa ka na para sagutin ang susunod na inihandang pagsasanay. Halika't umpisahan mo na.

## Gawain 2: Kahulugan Ko, Itala Mo.

Panuto: Suriin ang dayagram sa ibaba, mula rito ay bumuo ng iyong sariling pakahulugan sa dalawang terminolohiya. Isulat sa sagutang papel ang iyong kasagutan.



Ang *sex* ay tumutukoy sa \_\_\_\_\_

---

---

---

---

---

Ang *gender* ay tumutukoy sa \_\_\_\_\_

---

---

---

---

---

Ang *gender roles* ay tumutukoy sa \_\_\_\_\_

---

---

---

---

---

*Magaling! Nagawa mong bumuo ng iyong sariling pakahulugan sa mga terminolohiya gamit ang dayagram. Halina't sabay pa nating pag-aralan ang mga mahahalagang paksa na may kaugnayan sa gender at sex. Handa ka na ba? Ituon mo ang iyong pansin sa susunod na gawain.*



## Tuklasin

### Gawain 3: Katangian Ko, Ako Ito!

**Panuto:** Iguhit ang ♀ kung ang sumusunod na pangungusap ay naglalarawan ng katangian ng isang babae at ♂ kung ang pangungusap ay naglalarawan ng katangian ng isang lalaki. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Dinadatnan ng regla
- \_\_\_\_\_ 2. May *adams apple*
- \_\_\_\_\_ 3. May *XY chromosomes*
- \_\_\_\_\_ 4. May titi/bayag/at *testicles*
- \_\_\_\_\_ 5. May *developed breast*
- \_\_\_\_\_ 6. May kakayahang magdalang tao
- \_\_\_\_\_ 7. May *androgen at testosterone*
- \_\_\_\_\_ 8. May obaryo
- \_\_\_\_\_ 9. May *xx chromosomes*
- \_\_\_\_\_ 10. May may *estrogen at progesterone*

#### **Pamprosesong mga tanong:**

1. Nararanasan mo ba ang mga pagbabagong ito bilang lalaki at bilang babae?
2. Lalo mo bang nakikilala ang iyong pagkatao dahil sa mga pagbabagong ito?
3. Mahalaga ba sa iyo bilang lalaki at babae ang mga pagbabagong ito? Pangatwiran.



## Suriin

Ang iyong pagsagot sa mga naunang gawain ay nagpapatunay ng iyong inisyal na kaalaman tungkol sa paksa. Sa puntong ito ay lalo pa nating palalawakin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng mga inihandang teksto sa ibaba. Layunin ng bahaging ito na malaman mo ang iba't ibang uri ng gender at sex.

Halina't simulan mo nang tuklasin ang mga kaalaman sa paksang ito at ipakita mo ang iyong galing sa pagsagot ng mga inihandang gawain.

### **Paksa 1: Uri ng Gender at Sex**

Ano ang pagkakaiba ng *sexual orientation* at *gender identity (SOGIE)*?

Ayon sa **GALANG**, isang organisasyon sa Pilipinas na naglalayong ipagtanggol ang karapatang ng mga nasa laylayan na miyembro ng LGBT at ayon din sa Yogyakarta Principles (2006), ang **oryentasyong seksuwal** (*sexual orientation*) ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksiyonal, emosyonal, seksuwal; at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa.

Samantalang ang **pagkakakilanlan at pagpapahayag na pangkasarian** (*gender identity and expression*) ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa *sex* niya nang siya'y ipanganak. Kabilang na dito ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan (na maaaring mauwi, kung malayang pinipili, sa pagbabago ng anyo o kung ano ang gagawin sa katawan sa pamamagitan ng pagpapaopera, gamot, o iba pang paraan) at iba pang ekspresyon ng kasarian, kasama na ang pananamit, pagsasalita, at pagkilos.

Sa simpleng pakahulugan, ang salitang oryentasyong seksuwal ay tumutukoy kung kanino ka naaakit, kung siya ay lalaki o babae o pareho o wala. Ang oryentasyong seksuwal ay maaaring maiuri bilang heteroseksuwal, homoseksuwal, at biseksuwal, atbp. Samantalang ang *gender identity and expression* ay nagsasaad ng identipikasyon o pagkakakilanlan o pagpapahayag sa sarili. Ito ay depende sa tao at karanasan nya sa lipunanag ginagalawan nya.

- **Heterosexual** –tao na nagkakagusto o naaakit sa taong hindi kahalintulad ng kanyang kasarian.
- **Homosexual** –tao na nagkakagusto o naaakit sa taong kahalintulad ng kanyang kasarian.
- **Bisexual** –tao na naaakit sa parehong babae at lalaki. Ang ibang tawag sa kanya ay *AC-DC*, silahis, atbp.
- **Intersex** –tao na ipinanganak na may *reproductive* o *sexual anatomy* na hindi akma sa lalaki o babae. Ang halimbawa ay ipinanganak na babae ngunit mayroon syang male *reproductive organ*. Ang ibang tawag sa kanya ay *hermaphrodite*.
- **Lesbian** –babae na nagkakagusto o naakit sa kapwa babae. Ang ibang tawag sa kanya ay tibo, tomboy, lesbiyana, atbp.
- **Gay** –lalaki na nagkakagusto o naakit sa kapwa lalaki. Ang ibang tawag sa kanya ay bakla, beki, bayot, bading, paminta, sirena, atbp.
- **Transgender** –tao na kinikilala ang kanyang kasarian na maaaring taliwas sa ari nung ipinanganak siya o yung inatas sa kanya ng lipunan. Ang ibang tawag sa kanya ay transwoman, transman, atbp.

- **Queer** – tao na may sexual orientation o sexual identity na hindi nakapirmi o nag-iiba o maaring hindi limitado sa dalawang kasarian lamang.

### Gawain 4: Buuin Mo Ako!

Panuto: Isulat sa loob ng **puzzle** ang kasagutan gamit ang mga gabay na tanong sa susunod na pahina. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

1	4								
									9
					7			8	
			2						
							10		
			6		3				

### PATAYO

1. Mga tao na nagkakagusto o naaakit sa taong hindi kahalintulad ng kanyang kasarian.
4. Tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksiyonal, emosyonal, seksuwal; at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong



ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa. (Sexual \_\_\_\_\_)

6. Mga tao na ipinanganak na may *reproductive* o *sexual anatomy* na hindi akma sa lalaki o babae. Ang halimbawa ay ipinanganak na babae ngunit mayroon syang *male reproductive organ*. Ang ibang tawag sa kanya ay *hermaphrodite*.
7. Kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya nang siya'y ipanganak, kabilang ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan. (Sexual \_\_\_\_\_)
8. Mga tao na kinikilala ang kanyang kasarian na maaaring taliwas sa ari nung ipinanganak siya o yung inatas sa kanya ng lipunan. Ang ibang tawag sa kanya ay transwoman, transman, atbp.

## **PAHIGA**

1. Mga tao na nagkakagusto o naakit sa taong kahalintulad ng kanyang kasarian.
2. Mga taong walang nararamdamang atraksiyong seksuwal sa anumang kasarian.
3. Lalaki na nagkakagusto o naakit sa kapwa lalaki. Ang ibang tawag sa kanya ay bakla, beki, bayot, bading, paminta, sirena, atbp.
9. Tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinatakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki.
10. Tumutukoy sa bayolohikal at pisyolohiko na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.

Kahanga-hanga ka, tunay ngang bihasa ka na sa paksa tungkol sa uri ng kasarian (gender) at sex. Ngayon ay handa ka na para sa susunod na paksa.

### **Paksa 2: Gender Roles sa Iba't Ibang Bahagi ng Daigdig**

#### **Paano natutunan ang Gender Role sa Pilipinas**

Ang *Gender Role* ay ipinapasa ng mga magulang sa mga anak natutunan ito sa pamamagitan ng magkaibang trato ng mga magulang sa kanilang anak na babae at lalaki. Sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mag-anak nasusubaybayan ng mga bata ang kanilang mga magulang sa kanilang mga gawi at kilos, pagtrato sa isa't-isa at papel sa komunidad na kanilang kinabibilangan. Dahil dito, tinanggap ng mga bata ang mga naturang papel para mapasaya ang kanilang mga magulang.

Tumutulong din ang *gender role* na malaman ng mga bata kung sino sila at kung ano ang inaasahan sa kanila. Habang nagbabago ang mundo, nagbabago rin ang mga papel batay sa gender role. Isang halimbawa nito ang pagbabago ng gender roles ng mga kababaihan at kalalakhian mula noong panahon ng Kastila, Hapones, Amerikano at hanggang sa kasalukuyan. Basahin at suriin ang *matrix* sa ibaba.

Pre-kolonyal	Ang kababaihan bagamat na maaaring maging pinuno ng pamahalaan ay tumatamasa pa rin ng mga maliit na lebel ng karapatang pantao sapagkat ang mga kalalakihan ay maaaring mag-asawa ng madami, at maaaring makipaghiwalay sa mga babae at may karapatan ding kunin ang ari-arian na una nang naibigay sa babae.
Panahon ng Kastila	Ang mga kababaihan ay dapat na maging mahusay sa gawaing bahay. Inaasahan din sila na magkaroon ng malaking pakikipagugnayan sa relihiyon at simbahan. Ang mga kalalakihan ang madalas na kumikita at bumubuhay sa kanilang may bahay at pamilya.  Sa panahon ng pag-aalsa ang mga kababaihan ay naging parte rin ng pagkamit ng kalayaan laban sa mga Kastila. Ang iba ay naging mga bayani, tulad na lamang ni Gabriela Silang.
Panahon ng Amerikano	Ang pinakamalaking pagbabago sa panahon ng Amerikano ay ang pantay na pagtanggap ng mga paaralan sa mga kababaihan at kalalakihan. Ang mga kababaihan ay nagkaroon ng pag-asang umunlad sa sarilli nilang pamamaraan. Kasabay nito ang pagbibigay karapatan sa mga kababaihan na bumoto.
Panahon ng Hapones	Parehas na lumaban ang mga kalalakihan at kababaihan noong ikalawang digmaang pandaigdig.
Kasalukuyan	Sa kasalukuyan, lubos ang kaalaman ng mga tao tungkol sa pagkakapantay-pantay ng karapatan sa kahit na anong kasarian.

### **Gender Roles sa Ibang Bahagi ng Daigdig**

Sa mga iba't-ibang rehiyong ng mundo, ay iba iba ang gender roles ng mga lalaki at babae. Hindi maitatatawa na mahigpit ang lipunan para sa mga babae lalo na sa mga miyembro ng komunidad ng LGBT. Matagal ang panahong hinintay ng mga babae upang mabigyan sila ng pagkakataong makalahok sa proseso ng pagboto. Nito lamang Ikalawang bahagi ng ika-20 siglo nang payagan ng ilang bansa sa Africa at Kanlurang Asya ang mga babae na makaboto. Ngunit nananatili ang kaharian ng Saudi Arabia sa paghihigpit sa kababaihan hanggang dumating ang taong 2015 nang pormal na naibigay sa mga kababaihan ng Saudi Arabia ang karapatang bumoto ayon sa ulat ng *BBC News*, Disyembre 12, 2015. Ayon din sa datos ng *World Health Organization (WHO)*, may 125 milyong kababaihan (bata at matanda) ang biktima ng *Female Genital Mutilation (FGM)* sa 29 na bansa sa Africa at Kanlurang Asya. Napatunayan ng WHO na walang benepisyong-medikal ang FGM sa mga babae, ngunit patuloy pa rin ang ganitong uri ng gawain dahil sa impluwensiya ng tradisyon ng lipunang kanilang ginagawalan.

## **Taon ng Pagbibigay Karapatang Bumoto sa Kababaihan sa Kanlurang Asya Africa**

Lebanon (1952)	Egypt (1956)	Syria (1949, 1953)
Tunisia (1959)	Yemen (1967)	Mauritania (1961)
Iraq (1980)	Algeria (1962)	Oman (1994)
Morocco (1963)	Kuwait (1985, 2005)	Libya (1964)
Sudan (1964)	Saudi Arabia (2015)	

*\*Binawi ng Kuwait ang karapatang bumoto ng mga babae at muling naibalik noong 2005.*

Ang **Female Genital Mutilation o FGM** ay isang proseso ng pagbabago sa ari ng kababaihan (bata o matanda) nang walang anomang benepisyong medikal. Ito ay isinasagawa sa paniniwalang mapapanatili nitong walang bahid dungis ang babae hanggang siya ay maikasal. Walang basehang panrelihiyon ang paniniwala at prosesong ito na nagdudulot ng impeksiyon, pagdurugo, hirap umihi at maging kamatayan. Ang ganitong gawain ay maituturing na paglabag sa karapatang pantao ng kababaihan.

Sa South Africa, may mga kaso ng gang-rape sa mga Lesbian (tomboy) sa paniniwalang magbabago ang oryentasyon nila matapos silang gahasain. Bukod pa rito, ayon na rin sa ulat na inilabas ng United Nations Human Rights Council noong taong 2011, may mga kaso rin ng karahasang nagmumula sa pamilya mismo ng mga miyembro ng LGBT.

## **Pangkulturang Pangkat sa New Guinea**


Taong 1931 nang ang Antropologong si Margaret Mead at ang kanyang asawa na si Reo Fortune ay nagtungo sa rehiyon ng Sepik sa Papua New Guinea upang pag-aralan ang mga pangkulturang pangkat sa lugar na ito. Sa kanilang pananatili roon nakatagpo nila ang 3 pangkulturang pangkat: Arapesh, Mundugamur, at Tchambuli. Sa pag-aaral sa gampanin ng mga lalaki at babae sa mga pangkat na ito, nadiskubre nila ang mga pagkakatulad at pagkakaiba nito sa bawat isa, at maging sa Estados Unidos. Nang marating nina Mead at Fortune ang Arapesh (na nangangahulugang “tao”), walang mga pangalan ang mga tao rito. Napansin nila na ang mga babae at mga lalaki ay kapwa maalaga at mapag-aruga sa kanilang mga anak, matulungin, mapayapa, kooperatibo sa kanilang pamilya at pangkat. Samantala sa kanila namang pamamalagi sa pangkat ng Mundugumur (o kilala rin sa tawag na Biwat). Ang mga babae at lalaki ay kapwa matapang, agresibo, bayolente at naghahangad ng kapangyarihan o posisyon sa kanilang pangkat. At sa huling pangkat, ang Tchambuli o tinatawag din na Chambri, ang mga babae at mga lalaki ay may magkaibang gampanin sa kanilang lipunan. Ang mga babae ay inilarawan nina Mead at Fortune bilang dominante kaysa sa mga lalaki, sila rin ang naghahanap ng makakain ng kanilang pamilya, samantalang ang mga lalaki naman ay inilarawan bilang abala sa pag-aayos sa kanilang sarili at mahilig sa mga kuwento.

*Sanggunian: (A) Mead, Margaret. Sex and Temperament in Three Primitive Societies. HarperCollins Publishers, 1963. <http://www.loc.gov/exhibits/mead/field-sepik.html>*

## Gawain 5: Lakbayin Mo, Gampanin Ko

Matapos na mabasa ang teksto tungkol sa *gender roles* sa Pilipinas punan ang matrix sa ibaba na magpapatunay ng iyong natutunan. Itala ang mga panlipunang gampanin (*gender roles*) ng mga kalalakihan at kababaihan sa ibat-ibang panahon. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

PANAHOON	PILIPINAS	
	LALAKI	BABAE
KASTILA		
AMERIKANO		
HAPONES		
KASALUKUYAN		



### *Pagyamanin*

Binigyang-diin sa bahagi ng modyul na ito ang gender roles sa iba't ibang panig ng daigdig. Marami ka bang nalaman sa paksang tinalakay? Kung gayon patunayan mo ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa inihandang gawain sa ibaba.

## Gawain 6: Isip! Isip!

Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot. Itala ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Maliban sa mga bansa sa kanlurang Asya, anong kontinente ang kabilang na pinayagan ang kababaihan na bumoto.
- \_\_\_\_\_ 2. Siglo kung saan pinayagan ang mga bansa sa Kanlurang Asya na bumoto ang kababaihan.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang bansa na kung saan naipagkaloob noong 2015 ang karapatang bumoto.
- \_\_\_\_\_ 4. May panahon na hindi natamasa ng mga kababaihan ang karapatan sa pagmamaneho at pagboto at hindi rin natamasa ng mga kababaihan sa ilang bansa sa Kanlurang Asya at Africa ang \_\_\_\_\_.
- \_\_\_\_\_ 5. Taon kung kailan ibinigay ang karapatang bumoto ng kababaihan sa bansang Lebanon.
- \_\_\_\_\_ 6. Bansang natamasa ang karapatang bumoto ng kababaihan sa taong 1956.

- \_\_\_\_\_ 7. Bansang binawi ang karapatang bumoto ng mga babae at bumalik noong 2005.
- \_\_\_\_\_ 8. Sa bahagi ng bansang ito, may mga kaso ng gang-rape sa mga lesbian sa paniniwalang magbabago ang oryentasyon nila matapos silang gahasain.
- \_\_\_\_\_ 9. Ayon sa World Health Organization, ilang milyon ng kababaihan ang biktima ng Female Genital Mutilation.
- \_\_\_\_\_ 10. Proseso ng pagbabago sa ari ng kababaihan.

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. May mabuti bang dulot ang female genital mutilation o FGM sa mga babae? Ano sa palagay mo ang epekto sa: a) emosyonal, b) sosyal, at c) sikolohikal na kalagayan ng mga babaeng sumailalim dito?
2. Bakit patuloy pa rin ang pagsasagawa ng FGM sa rehiyon ng Africa at Kanlurang Asya?
3. Ayon sa binasa, pantay ba ang pagtingin sa kababaihan at mga miyembro ng LGBT sa Africa at Kanlurang Asya? Magbigay ng patunay.
4. May kalayaan bang magpahayag ng damdamin ang kababaihan at mga miyembro ng LGBT sa bahaging ito ng mundo? Patunayan ang sagot.

**Gawain 7: Sino Kaya?**

Panuto: Tukuyin kung anong pangkat nabibilang ang sumusunod na gampanin. Titik lamang ang isulat sa patlang. Gumamit ng sagutang papel.

A. Arapesh

B. Mundugumor

C. Tchambuli

- \_\_\_\_\_ 1. Walang mga pangalan ang mga tao sa pangkat.
- \_\_\_\_\_ 2. Maalaga at mapag-aruga sa kanilang anak.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang mga babae at lalaki ay kapwa maalaga at mapag-aruga.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang mga babae at lalaki ay may magkaibang gawain.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga babae at lalaki ay kapwa matapang at agresibo.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang mga babe ay dominante kaysa sa mga lalaki.
- \_\_\_\_\_ 7. Nangangahulugang tao.
- \_\_\_\_\_ 8. Kilala sa tawag na Chamri.
- \_\_\_\_\_ 9. Kilala sa bansag na Biwat.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang mga lalaki sa pangkat na ito ay abala sa pag-aayos sa sarili at mahilig sa kuwento.

Binabati kita dahil nagawa mong sagutan ang mga gawain na lalong nagpayaman sa iyong kaalaman. Sa puntong ito patunayan mo ang iyong galing sa pagsagot ng mga inihandang katanungan.



## **Isaisip**

Ako ay nagagalak dahil narating mo ang bahaging ito ng modyul. Malapit mo na itong matapos kaya sagutin mo ang sumusunod na gawain bilang patunay na lubos mo nang naunawaan ang mga konsepto at kaalaman na dapat mong matutuhan sa paksang ito.

### **Gawain 8. Halina't Magsaliksik**

Ngayong alam mo nang may mga katutubong pangkat sa New Guinea kung saan ang mga babae at lalaki ay may kakaibang gampanin o papel, subukin mo naman ngayon na magsaliksik kung mayroon din ganitong pangkat sa Pilipinas. Gamiting gabay ang kasunod na impomasyon:

Gender Roles ng katutubong Pangkat sa Pilipinas	
_____	
Maikling Paglalarawan	
_____	
_____	
_____	
_____	
Gampanin ng Lalaki	Gampanin ng Babae
_____	_____

Website na maaaring gamiting sanggunian:

Tattooed women of Kalinga:

<http://www.onetribetattoo.com/history/filipino-tattoos.php>

<http://www.everyculture.com/No-Sa/The-Philippines.html>

Ang mga mag-aaral ay maaari ring humanap ng ibang sanggunian.



## **Isagawa**

Sa bahaging ito pagtitibayin mo ang mga nabuong pag-unawa tungkol sa paksa. Inaasahan ding sa bahaging ito ay kritikal mong masusuri ang mga konseptong iyong napag-aralan na may kinalaman sa *gender*, *sex* at *gender roles* sa lipunan ng Pilipinas at ng ibang bansa.

Bilang patunay ng iyong matibay na kaalaman sa paksa, isagawa mo ang Gawain 9: Magtanong-tanong.

### **Gawain 9: Magtanong-Tanong**

Panuto: Magsagawa ng sarbey sa loob ng inyong tahanan. Alamin at itala ang gampanin ng bawat miyembro ng inyong pamilya. Gawing gabay ang kasunod na format. Gawin ito sa sagutang papel.

MIYEMBRO NG PAMILYA	GAMPANIN
Tatay	
Nanay	
Kuya	
Ate	
Bunso	
Iba pang kasapi ng pamilya	

#### **Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang napansin mo sa kanilang sagot? Mayron bang pagkakaiba?
2. Malinaw ba ang gampanin ng bawat isa sa loob ng inyong tahanan? Ipaliwanag.



## Tayahin

Tunay ngang ikaw ay magaling, pinatunayan mo ito sa pamamagitan ng pagsagot ng tama sa lahat ng gawain. Bilang pagtatapos ng araling ito, sagutin mo ang lahat ng katanungan sa bahagi ng tayahin. Kaya mo yan.

### Gawain 10: Panghuling Pagtataya

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na katanungan at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

- \_\_\_ 1. Noong Nobyembre 6-9, 2006 nagtipon-tipon sa Yogyakarta Indonesia ang 27 eksperto sa oryentasyong seksuwal at pagkakakilanlang pangkasarian na nagmula sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Ano ang pangunahing layunin nito?
  - a. Ipaglaban ang karapatan ng mga *LGBT*.
  - b. Makiisa sa mga gawain at adhikain ng *LGBT* sa daigdig.
  - c. Pagtibayin ang mga prinsipyong makatutulong sa pagkakapantay-pantay ng mga *LGBT*.
  - d. Bumuo ng mga batas na magbibigay proteksiyon sa *LGBT* laban sa pang-aabuso at karahasan.
- \_\_\_ 2. Ano ang kahulugan ng acronym na *SOGIE*?
  - a. *Sex Orientation and Gender Identity and Expression*.
  - b. *Same sex Orientation and Gender Identity Expression*.
  - c. *Sexual Orientation and Gender Identity and Expression*.
  - d. *Sexual Orientation and Gender Identification Expression*.
- \_\_\_ 3. Tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksyonal, emosyonal, seksuwal; at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa:
  - a. *Gender Crisis*
  - b. *Gender Identity*
  - c. *Sexual Identity*
  - d. *Sexual Orientation*
- \_\_\_ 4. Ito ay malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya nang siya'y ipanganak, kabilang ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan at iba pang ekspresyon ng kasarian, kasama na ang pananamit, pagsasalita, at pagkilos.
  - a. *Gender Crisis*
  - b. *Gender Identity*



- c. *Sexual Identity*
- d. *Sexual Orientation*

- \_\_\_ 5. Ito ay mga tao na nagkakagusto o naaakit sa taong hindi kahalintulad ng kanyang kasarian.
- a. *Asexual*
  - b. *Bisexual*
  - c. *Homosexual*
  - d. *Heterosexual*
- \_\_\_ 6. Ano ang *gender roles*?
- a. Kamulatang pangkasarian
  - b. Pagkakaiba sa pagitan ng babae at lalaki
  - c. Pangkat ng mga pamantayan ng pag-uugali at panlipunan na itinuturing na akma o angkop sa lipunan
  - d. Tumutukoy sa tungkulin o papel kung saan kaakibat nito ang responsibilidad na kailangang gampanan ng bawat isa
- \_\_\_ 7. Bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas ang mga lalaki ay pinayagang magkaroon ng maraming asawa subalit maaaring patayin ng lalaki ang kanyang asawang babae sakaling makita niya itong may kasamang ibang lalaki. Ano ang ipinahihiwatig nito?
- a. Ang babae ay maaari lamang mag-asawa
  - b. May pantay na karapatan ang lalaki at babae
  - c. Ang lalaki ay pwedeng magkaroon ng maraming asawa
  - d. Ipinakikita sa kalagayang ito na mas malaki ang karapatang tinatamasa ng kalalakihan noon kaysa sa kababaihan
- \_\_\_ 8. Batay sa datos ng *World Health Organization (WHO)* may 125 milyong kababaihan (bata at matanda) ang biktima ng *Female Genital Mutilation (FGM)* sa 29 na bansa sa Africa at Kanlurang Asya. Ano ang pangunahing layunin nito?
- a. Upang hindi mag-asawa ang kababaihan
  - b. Pagsunod sa kanilang kultura at paniniwala
  - c. Ito ay isinasagawa upang maging malinis ang kababaihan
  - d. Upang mapanatiling puro at dalisay ang babae hanggang sa siya ay makasal
- \_\_\_ 9. Isa sa mga pangkulturang pangkat ng New Guinea na kung saan kilala rin sila sa tawag na biwat. Ang mga babae at lalaki ay kapwa matapang, agresibo, bayolente at naghahangad ng kapangyarihan o posisyon sa kanilang pangkat. Ano ang tawag sa pangkat na ito ng New Guinea?
- a. Arapesh
  - b. Chambri
  - c. Tchambuli
  - d. Mundugamur
- \_\_\_ 10. May panahon na bukod sa hindi pagboto ng kababaihan sa ilang bansa sa Africa at Kanlurang Asya isa din na ipinagbabawal sa nabanggit na mga bansa ay ang
- a. Paglalakbay
  - b. Pag-aasawa
  - c. Pagmamaneho
  - d. Paglabas ng gabi

- \_\_\_ 11. Ang Arapesh ay nangangahulugang:
- a. Tao  
b. Biwat  
c. Anak  
d. Chambri
- \_\_\_ 12. Anong karapatan ang matagal ng pinagkaloob sa kababaihan ng mga bansa sa Africa at Timog Asya noong ikalawang bahagi ng ika-20 siglo?
- a. Pagboto  
b. Paglalakbay  
c. Pag-aasawa  
d. Pagmamaneho
- \_\_\_ 13. Anong bansa ang pinayagan ang kababaihan na bumoto noong 1952?
- a. Syria  
b. Yemen  
c. Lebanon  
d. Saudi Arabia
- \_\_\_ 14. Ang FGM ay nangangahulugang:
- a. *Fatal Genital Mutilation*  
b. *Fetus Genital Mutilation*  
c. *Female Genital Mutilation*  
d. *Female Genitics Mutigation*
- \_\_\_ 15. May panahon sa bansang ito na kung saan hindi pinapayagang magmaneho ang mga babae na walang pahintulot sa kamag-anak na lalaki (asawa, magulang o kapatid), ngunit natamasa nila ang karapatang ito noong 2018.
- a. Egypt  
b. Syria  
c. Africa  
d. Saudi Arabia




## ***Karagdagang Gawain***

### **Gawain 11: Ipahayag Mo, Damdamin Mo!**

Panuto: Patunayan mo ang iyong kaalaman at ilahad ang iyong punto sa pamamagitan ng pagbuo ng isang “hugot line” na nagpapakita ng pagpapahalaga sa gampanin ng lalaki at babae sa lipunan at maging sa daigdig. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

**Lalaki**

**Babae**



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. a
2. d
3. c
4. a
5. a
6. c
7. b
8. c
9. a
10. c
11. Life and Sexuality
12. Healing and Friendship
13. Vitality and Energy
14. Serenity and Nature
15. Harmony and Artistry

**Gawain 7: Sino Kaya?**

1. a
2. a
3. a
4. c
5. b
6. c
7. a
8. c
9. b
10. c

**Gawain 2: Kahulugan**  
Ko, Itala Mo.

Maaring magkakamba ang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro ang bahalang magpasya at magbigay ng puntos

**Gawain 3: Katangian**  
Ko, Ako Itoi!

11. Babae
12. Lalaki
13. Lalaki
14. Lalaki
15. Babae
16. Babae
17. Lalaki
18. Babae
19. Babae
20. Babae

**Tayahin**

1. c
2. c
3. d
4. b
5. d
6. d
7. d
8. b
9. d
10. c
11. a
12. a
13. a
14. c
15. a

**Gawain 5: Basa - Suri**

Maaring magkakamba ang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro ang bahalang magpasya at magbigay ng puntos

**Gawain 6: Isip! Isip!**

1. Aprika
2. Ika-20 siglo
3. Saudi Arabia
4. Paglalakbay
5. 1952
6. Egypt
7. Kuwait
8. South Africa
9. 125 milyon
10. Female Genital

**Karagdagang Gawain**

Maaring magkakamba ang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro ang bahalang magpasya at magbigay ng puntos

**Gawain 4: Buuin Mo Ako!**

		Y	V	G		I			
	R					N			
X	E	S				J			
	D					E			T
	N			Y		R		N	V
	E			J		S		O	U
	G			I		E		I	X
	S			J		X		J	E
	N			N				V	S
L	V	U	X	E	S	V		T	O
	R			D				N	R
	T			I				E	E
								I	T
G	E	N	D	E	R			R	E
L	V	U	X	E	S	O	M	O	H

# Sanggunian

## Mga Aklat:

Department of Education, “Kontemporaryong Isyu”, Modyul ng mga Mag-aaral, 2017 pahina 246-266

Department of Education, “Kontemporaryong Isyu”, Gabay ng mga Guro, 2017 pahina 244-249

*Mead, Margaret. Sex and Temperament in Three Primitive Societies. HarperCollins Publishers, 1963. <http://www.loc.gov/exhibits/mead/field-sepik.html>*

## Websites

CNN 2013: 2 Saudi women detained for driving in ongoing bid to end ban

<http://edition.cnn.com/2013/12/01/world/meast/saudi-arabia-female-drivers-detained/>

Gender Roles and Statuses

<http://www.everyculture.com/No-Sa/The-Philippines.html>

The LGBT Pride Flag

<https://www.pinterest.ph/pin/431923420497219442/>

New York Times (2018): Saudi Arabia Granted Women the Right to Drive. A Year on, It's Still Complicated.

<https://www.nytimes.com/2019/06/24/world/middleeast/saudi-driving-ban-anniversary.html>

Papel batay sa kasarian at gender

[https://fil.hesperian.org/hhg/Where\\_Women\\_Have\\_No\\_Doctor:Papel\\_batay\\_sa\\_kasarian\\_at\\_gender](https://fil.hesperian.org/hhg/Where_Women_Have_No_Doctor:Papel_batay_sa_kasarian_at_gender)

Paano natututunan ang mga gender role

[https://fil.hesperian.org/hhg/Where\\_Women\\_Have\\_No\\_Doctor:Papel\\_batay\\_sa\\_kasarian\\_at\\_gender](https://fil.hesperian.org/hhg/Where_Women_Have_No_Doctor:Papel_batay_sa_kasarian_at_gender)

GALANG: A Movement in the Making for the Rights of Poor LBTs in the Philippines

[https://www.awid.org/sites/default/files/atoms/files/changing\\_their\\_world\\_2\\_-\\_galang\\_rights\\_of\\_poor\\_lbts\\_in\\_the\\_philippines.pdf](https://www.awid.org/sites/default/files/atoms/files/changing_their_world_2_-_galang_rights_of_poor_lbts_in_the_philippines.pdf)

Yogyakarta Principles

[https://en.wikipedia.org/wiki/Yogyakarta\\_Principles](https://en.wikipedia.org/wiki/Yogyakarta_Principles)

BBC News 2015: Saudi Arabia's women vote in election for first time

<https://www.bbc.com/news/world-middle-east-35075702>



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)